## ITDI@123: Siyensya, Teknolohiya at Inobasyon Alay ay Solusyon at Oportunidad sa Bagong Pilipinas

Noong ika-1 ng Hulyo 2024 nagdiwang ang ITDI ng ika-123 taong Anibersayo ng pagkakatatag na may temang "Siyensya, Teknolohiya at Inobasyon Alay ay Solusyon at Oportunidad sa Bagong Pilipinas."




Ang ITDI sa loob ng 123 taon ay nanatiling matatag at masigasig sa pagharap sa mga pagsubok na dala ng nagbabagong panahon kasabay ang mabilis na pagsulong ng mga bagong teknolohiya at inobasyon na angkop sa hinaharap.

Ang pagdiriwang ay isinagawa sa loob ng dalawang araw.  Ang unang araw, Hulyo 1 ay ginanap sa Enderun, Bonifacio Global City, Lungsod ng Taguig kung saan nagdaos ng tradisyonal na Banal na Misa kasunod and masayang programa.

Pormal na binuksan ang programa sa pagbibigay ng pambungad na pananalita si Dr. Annabelle V  Briones, ITDI Direktor.  Sinundan ito ni Engr. Reynaldo Esguerra na siyang nagpakilala kay Dr. Renato U. Solidum, Jr., Kalihim ng DOST, bilang Keynote Speaker.

Kasunod nito ang pagbibigay ng mensaheng ukol sa GAD Advocacy ni Maria Kristine Josefina G. Balmes, Deputy Executive Director ng Philippine Commission on Women (PCW).

Sa pagpapatuloy, nagbigay ng pang-taunang ulat si Dr. Briones at nabanggit ang ilan sa mga pang-teknolohiyang solusyon na gawa ng ITDI.




Kabilang sa mga highlights ng okasyon ay ang MOU signing for Skillsoft's Precipio Platform ng Informatics Holdings Philippines Inc. na pinangunahan ni Dr. Zorayda V. Ang, COO and Executive Vice President; Recognition Rites for Valued Stakeholders: ITDI Adopters, Partners, and Clients; at Awarding of the 2023 Model Employees.

| MODEL EMPLOYEE AWARDEES | | Division |
|---|---|---|
| Ma. Waidelyza Balderama | ITDI Wide Model Employee (Junior-ATS) | FMD |
| Haidee Merza | ITDI Wide Model Employee (Senior-ATS) | FMD |
| Rudy Leo Quiniquito | ITDI Wide Model Employee (Junior-R&D) | CED |
| Jocelyn P Reyes | ITDI Wide Model Employee (Senior-R&D) | MSD |
| Erwin B. Leoncio | Divisional Model Employee (Junior Staff - ATS) | OD |
| Ma. Waideldelyza Balderama | | FMD |
| Christian M. Baylon | | ADM |
| Liza C. Lagpao | | STD |
| Joeco Arvesu | | TSD |
| Virginia V. Marino | | PMISD |
| Haidee Merza | | FMD |
| Maria Pritina A. Gamboa | Divisional Model Employee (Senior Staff - ATS) | ADM |
| Cyril C Ramil | | STD |
| Marvin Mendoza | | TSD |
| Judy Ann G. Bacud | | PMISD |
| Ahdrian Camilo C. Gernale | | NMD |
| Christian Niamey U. Cortado | Divisional Model Employee (Junior Staff - R&D) | FPD |
| Rudy Leo Quiniquito | | CED |
| Ricky B. Baaco | | PTD |
| Grecelle M. Abache | | MSD |
| Sheila D. Mantaring | | EBD |
| Monica R. Manalo | Divisional Model Employee (Senior Staff - R&D) | FPD |
| Jocelyn P Reyes | | MSD |
| Oliver C. Evangelista | | CED |
| Cynthia M. Bihis | | PTD |
| Rodelma D. Perez | | EBD |



Nagtapos ang umagang programa sa pangwakas na mensahe ni Dr. Janet F. Quizon, OIC Deputy Director for Administrative and Technical Services, ITDI na naglahad ng kanyang pasasalamat sa lahat ng kawani na nakiisa, at sa mga bumuo at nanguna sa pag-sasaayos ng selebrasyon, ang

mga dibisyon para sa Technological Services at Administrative.

Nagpatuloy ang kasiyahan hanggang hapon kung saan nagkaroon ng pa-raffle at kumpetisyon para sa titulong ITDI Ambassador/Ambassadress na nagpamalas ng pinakamagandang Campaign Ad for ITDI Technologies.



Dagdag kulay sa okasyon ang mga pa-raffle at fun games na nauna nang isinagawa at nagbigay saya sa mga nagwagi.

Sa pagtatapos, iginawad ang mga papremyo nina Direktor Briones at Gng. Merlita M. Regonda, Officer-In-Charge, ADM, ang mga papremyo sa nagwagi sa ITDI Ambassador/Ambassadress na sinundan ng mensaheng pangwakas ni Gng. Cristina B. Candelaria, Officer-In-Charge, TSD.

Samantala, tinampok sa ikalawang araw, Hulyo 2, ang Technical Sessions, kung saan itinampok ng mga nagsitapos na ITDI staff ang kanilang mga MS at PhD research. Kasabay nito ay ang Open House kung saan limang lab ang nilibot ng mga panauhin: Airspeed Lab, Metrology in Chemistry Labs, Materials Development Lab, Fuel Cell R&D and Testing Center, at Simulation Packaging Testing Lab.

Bukod dito, bilang pre-event sa anibersaryo ay nagkaroon din nang Technology Pitching noong Hunyo 20, 2024 sa pangunguna ng TSD, kung saan nagpitch ang mga researchers tungkol bagong food at non-food technologies ng ITDI.   (//DDGotis\\ ICOW-TSD)